International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Special Issue | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 101-112

# Reading Skills of Maguindanaon Students as Basis for Developing an Interactive Module

**Rohanie L. Dumato[1], Divina T. Feliciano[2]**

[1]Department of Education, Esperanza National High School
Esperanza, Sultan Kudarat, Philippines
rohanie.dumato@deped.gov.ph
[2]Graduate School, Sultan Kudarat State University, Philippines
divinafeliciano77@gmail.com

## Abstract

Reading skills are an essential factor in academic learning, yet many students encounter difficulties in understanding and analyzing the texts they read, such as literal, integrative, critical, interpretative, and creative comprehension. This study was conducted to assess the reading skills of Maguindanaon Grade 8 students at Esperanza National High School, Esperanza, Sultan Kudarat, and to develop an Interactive Module as a teaching intervention. The Research and Development (R&D) design was utilized to evaluate reading skills, address identified problems, and assess the effectiveness of teachers' and students' acceptance of the developed teaching material.

The analysis of the data showed that the reading skills of the Maguindanaon students were at a low level, particularly in literal and creative comprehension. To address this, an Interactive Module was developed. This teaching material aims to improve the reading skills of Maguindanaon students. Based on the validation results, it was found that the material had a high level of effectiveness, which means it is suitable as a teaching intervention. Furthermore, both teachers and students gave positive feedback on the Interactive Module, showcasing its potential as an effective tool for enhancing reading skills.

Given the positive results of the study, the use of the Interactive Module in teaching reading is recommended to help students further develop their ability to understand and analyze the texts they read. In addition, further research is suggested to enhance and expand the application of this material in various educational contexts.

Keywords: *Basis for Development, Interactive Module, Maguindanaon, Reading Skills, Student, Teaching*

## PANIMULA

Ang paksa ay magiging mahalaga hindi lamang sa mga guro at mag-aaral sa Maguindanao kundi pati na rin sa mga nagdidisenyo ng mga modyul at programa para sa pagpapabuti ng edukasyon sa iba pang rehiyon sa bansa. Ang interaktibong modyul na mabubuo mula sa pagsusuri ay magsisilbing instrumento upang mapabuti ang kasanayan sa pagbasa, lalo na sa mga mag-aaral na may partikular na wika at kultura tulad ng Maguindanaon.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 101-112

Sa Global na konteksto ang kasanayan sa pag-unawa ang higit na dapat pag-ukulan ng atensyon. Sinang-ayunan ito nina Villafuerte at Bernales (2020) nang kanilang binanggit na kailangang bigyan ng prayoridad ng mga paraan sa kasanayan sa pagbasa ang mapanuri at mataas na antas ng pag-iisip at mga kasanayang pangkomunikasyon at interaksyong sosyal. Sa kabila nito, napansin sa maraming lugar ang kakulangan sa kasanayan ng mga mag-aaral na unawain ang binabasa, isang bagay na patuloy na pinagtutuunan ng mga sistemang pang-edukasyon sa maraming bansa upang mapataas ang kalidad ng edukasyon.

Sa Pilipinas, natuklasan sa isang ulat ng Departamento ng Edukasyon noong 2020 ang bumababang antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga estudyante sa elementarya at sekondarya. Ayon kay Gonzales (2021), malaking suliranin ang kakulangan sa mga angkop na kagamitang pampagtuturo at limitado ang mga interbensyon upang mapalawak ang kasanayang pagbasa sa loob ng silid-aralan. Maraming mag-aaral ang hindi nakakamit ang sapat na antas ng pag-unawa sa kanilang binabasa, na nagiging hadlang sa kanilang pagkatuto at nagiging sanhi ng mababang pagganap sa akademya Navarro (2017).

Sa Mataas na Paaralan ng Esperanza, Sultan Kudarat nahaharap ang mga mag-aaral na Maguindanaon sa baitang 8 sa hamon ng mababang kasanayan sa pagbasa, partikular sa mga gawaing nangangailangan ng masusing pagsusuri at mas malalim na pag-unawa. Ayon kay Cruz (2015), ang kakulangan ng sapat at angkop na mga materyales na tumutugma sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral ay nagiging balakid sa kanilang kakayahan na epektibong maiproseso ang impormasyon mula sa mga babasahin. Kapansin-pansin ang suliranin sa pagbuo ng isang kurikulum na magbibigay ng pagkakataong maipahayag ang mga akdang isinulat sa ating mga rehiyon na sana ay makatutulong na mas makikilala ng mga mag-aaral ang panitikan ng kanilang bayan at maiuugnay ito sa kanilang sariling kaisipan at karanasan. Sa mga pag-aaral patungkol sa katutubong panitikan ng Maguindanaon, may ilang naisagawang pagsusuri na nakatuon sa mga kuwentong-bayan at mga epiko. Ang mga pag-aaral na ito ay nagbigay-diin sa pagpapahalaga at pagsusuri ng mga katutubong akdang pampanitikan na nagsisilbing bahagi ng kultura at kasaysayan ng Maguindanaon (Gonsang 2023, Villaraza & Dipolog, 2024, Mangindra at Sandoval 2021, Mangindra 2019, Daladangan 2017 at Mantikayan 2016).

Mahihinuha rito na wala pang nagagawang pag-aaral na ang binigyan tuon ay pagbuo ng Modyul sa mga mag-aaral na Maguindanaon. Buhat rito nagkaroon ng interes ang mananaliksik na pag-aralan ito at nilalayon ng pag-aaral na ito na masuri ang kasalukuyang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na Maguindananon upang makabuo ng angkop at balidong Interaktibong Modyul.

Batay sa mga nalikom na impormasyon, ang mananaliksik ay naglalayong bumuo ng iteraktibong modyul at tayahin ang antas ng pagtanggap. Layunin nitong makabuo ng Interaktibong kagamitang pampagtuturo na sasalamin sa mga mag-aaral na Maguindanaon na sa Rehiyon XII, partikular na sa Mataas na Paaralan ng Esperanza, Probinsya ng Sultan Kudarat. Sa paggamit ng Interaktibong Modyul ito ay magiging lundayan ng edukasyon, inaasahang ito ay magiging tulay upang punan ang kakulangan ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo at

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 101-112

masupurtahan ang mga batang maiiwan pa sa larangan ng pagbasa para sa susunod na mga henerasyon.

Naglayon na masagutan ang sumusunod na tanong ang pananaliksik na ito:

1. Ano ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na Maguindanaon ayon sa:

   1.1.Literal;
   1.2.Interpretatib;
   1.3. Kritikal;
   1.4.Integratibo; At
   1.5.Malikhaing pag-unawa?
2. Ano ang antas ng balidití ng nabuong Interaktibong Modyul ayon sa;
   2.1. Layunin;
   2. 2. Nilalaman;
   2. 3. Pormat;
   2.4. Presentasyon; at
   2.5. Pagsasanay?
3. Ano ang antas ng pagtanggap ng guro sa nabuong Interaktibong Modyul ayon sa;
   3.1. Layunin;
   3.2. Nilalaman;
   3.3. Pormat;
   3.4. Presentasyon; at
   3.5. Pagsasanay?
4. Ano ang antas ng pagtanggap ng mag-aaral sa nabuong Interaktibong Modyul?
   4.1. Layunin;
   4.2. Nilalaman;
   4.3. Pormat;
   4.4. Presentasyon; at
   4.5. Pagsasanay?
5. May makabuluhan pagkakaiba ba ang antas ng pagtanggap ng guro at mag-aaral sa nabuong interaktibong modyul?

1.1.Teoretikal na Balangkas

Ang teoretikal na balangkas ng pag-aaral ay nakaangkla sa tatlong pangunahing teorya na tuamtalakay sa kasanayan sa pagbasa ng mag-aaral sa Baitang 8. Ito ang *Social Learning Theory, Contructivist Theory, at Transactional Theory.*

Ang pag-aaral ay nakabatay sa *Social Learning Theory* ni Bandura sapagkat ang pagkatuto ay nagaganap sa pamamagitan ng pagmamasid sa mga modelo at pagtulad sa kanilang mga gawain.

Ang teoryang ito ay may malaking implikasyon sa paraan ng pagtuturo ng mga kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na Maguindanaon, sapagkat sa pamamagitan ng panggagaya sa mga mahusay sa pagbabasa at mga guro, mas madaling matutunan ng mga mag-aaral ang mga

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 101-112

kasanayang ito. Ang pagbibigay ng oportunidad para sa mga aktibidad na kolaboratibo ay mahalaga sa kanilang pag-unlad.

Ang pananaliksik ay nakabatay *Constructivist Theory* ni Jean Piaget na nagsasaad na ang mga mambabasa ay aktibong bumubuo ng kanilang kaalaman batay sa kanilang mga karanasan at interaksyon sa kapaligiran (Bruner). Sa konteksto ng mga mag-aaral sa Baitang 8, mahalaga ang paggamit ng mga materyales na kaugnay sa kanilang kultura at karanasan upang maging makulay at mas epektibo ang kanilang proseso ng pagkatuto. Sa konteksto ng kasalukuyang pag-aaral, ang *Constructivist Theory* ay nagbibigay-diin sa pangangailangan ng mga kagamitang pampagtuturo na nakaangkla sa kultura at karanasan ng mga mag-aaral sa Baitang 8 ng Mataas na Paaralan ng Esperanza. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga materyales na tumutugon sa kanilang lokal na konteksto, mas maipapakita ang kaugnayan ng binabasa sa kanilang pang-araw-araw na buhay, na nagiging daan upang mas aktibong makilahok ang mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto at mas mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagbasa.


Nakaangkla rin ang pananaliksik sa *Transactional Theory* ni Rosenblatt,na nagpapahiwatig na ang pagkatuto ay isang transaksyong proseso sa pagitan ng mambabasa at ng teksto (Oates, Deacuno,2022). Ipinakikita nito kung paano naaapektuhan ng personal na karanasan at emosyon ng mambabasa ang kanilang pag-unawa sa binabasa. Sa konteksto ng mga Maguindanaon, ang pagbibigay ng mga lokal na babasahin na akma sa kanilang kultura ay magbibigay ng daan sa mas mayamang interaksyon sa mga teksto, na magpapadali sa kanilang pag-unawa.

### 1.2.Konseptwal na Balangkas

Ang pag-aaral na ito ay gagamit ng modelong Input-Process-Output (IPO) upang mailarawan ang magiging daloy ng pagbuo ng Integratibong Modyul na naglalaman ng Literal, Interpretatib, kritikal, Integratibo at Malikhaing pag-unawa sa binabasa mula sa Ikawalong Baitang ng Mataas na Paaralan ng Esperanza. Ipinapakita rin ng balangkas na ito ang proseso na sumasaklaw sa mga hakbanging gagawin ng mananaliksik kabilang ang pagsususri, pagbibigay ng pagsusulit, pagpapabalideyt, at pagsukat ng akseptabilidad nito. Bilang awtput, inaasahang makabubuo ng Balidong Interaktibong Modyul na magiging kagamitang panturo na magbibigay-diin sa edukasyunal na halaga ng mga Maguindanaon.

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Special Issue | 2025

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 101-112




**Pigura 1. Paradaym ng Pag-aaral**

## REBYU NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

### 2.1. Interaktibong Modyul bilang Kagamitang Pampagtuturo

Ang mataas na kalidad at wastong pagkakabuo ng kagamitang pampagtuturo ay may makabuluhang epekto sa pagpabubuti ng motibasyon ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral (Hwa,2020). Ang pagtuturo ay isang napakahalagang sangkap sa pagsulong ng edukasyon. Ang mga layunin sa pagkatuto ang nagdidikta ng mga gawaing pagganap ng mga estudyante, ang pagsusulit ang susukat ng kanilang pag-unlad ngunit ang pagtuturo ang humuhubog sa kanilang paglalakbay. Anuman ang anyo ng kagamitang pagtuturong gagamitin, mahalagang ito ay makatawag ng pansin at makakukuha ng interes ng mga mag-aaral (Shaw, 2019).

Nagbigay si Mayer (2020) ng mga prinsipyo para sa mas epektibong karanasan sa *multimedia learning*. Ang *multimedia learning* ay isang anyo ng pagtuturo na gumagamit ng biswal (mga larawan, bidyu, at mga teksto) at awdyo (*narrated voiceover*) nang sabay. Mula dekada 1970, napatunayan na mas epektibo ang mga elementong biswal sa pagkatuto kung ihahambing sa teksto lamang. Sa kasalukuyan, nararanasan ito sa mga *YouTube videos*, *eLearning courses*, at *PowerPoint presentations* (Aisami, 2015).

### 2.2.Kasanayan sa Pagbasa

Ayon kina McKeown et al. (2020), ang kasanayan sa pagbasa ay dapat ituring na isang interaktibong proseso kung saan ang mga mag-aaral ay aktibong bumubuo ng kahulugan habang binabasa. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na ang pagtutok sa aktibong pagbabasa ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng pag-unawa. Samantala, Kim (2020) ay nagpakilala ng modelong *Direct and Indirect Effects Model of Reading (DIER)* na naglalarawan ng ugnayan ng mababang antas ng kasanayan tulad ng pagbasa ng salita sa mas mataas na antas ng komprehensyon. Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita na mahalaga ang masusing pagsusuri ng teksto, na may diin sa istruktura at lohika ng mga ideya, upang mapadali ang mas malalim na pag-unawa.

 ISSN: 2799 - 1091
Page No. 101-112

Ayon kay Banditvilai (2020), ang kasanayan sa pagbasa ay hindi lamang nakatuon sa pagkuha ng impormasyon kundi pati sa aktibong aplikasyon ng iba't ibang kasanayan sa komprehensyon upang makabuo ng mas malalim na pag-unawa sa teksto. Ipinakikita ng kanilang pag-aaral na ang mga estratehiya sa pagbasa ay epektibo sa pagpapataas ng antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral.

2.3. Pagkatuto sa Asignaturang Filipino

Mataas ang pagtanaw ng bawat indibidwal partikular na ng mga Pilipino sa aspektong edukasyon. Malaki ang kanilang pagpapahalaga sa larangang ito kahit na anong gawin ng bawat mamamayan ay inuuna ang pagpapaaral sa bawat nasasakupan nila. Dahil naniniwala ang bawat indibidwal na sa pamamagitan ng edukasyon ay magkakaroon ng pagbabago sa sarili at lipunang kinabibilangan (Bondoc, 2017).

Ayon kay Sanchez (2017), Filipino ang kinagisnang wika nating mga Pilipino, kung tutuusin ay malaki ang magiging adbentahe ng mga mag-aaral sa asignaturang ito dahil ayon kay Nolasco sa isinulat ni Villafuerte noong 2022, ay mahalaga ang wikang kinagisnan o wikang sinuso dahil sa pamamagitan ng wikang ito ay natututo ang mga bata. Dito rin nakabatay ang pag-unlad ng kaniyang kaalaman. Masasabing malaki ang papel ng pagtataya sa inaasahang pagkatuto ng isang bata sa asignaturang Filipino. Bawat guro ay may iba't ibang paraan ng pagtataya na naaayon sa sitwasyon at sa paksang tinalakay. Kailangan ang pagtataya upang makamit ang itinakdang layunin ng guro sa bawat paksang kaniyang itinuturo. Ito ay ang pag-alam kung ang mga estudyante ay may matutuhan sa paksang kaniyang tinalakay. Ang pagtataya/pagsusulit ay isang panukat na ginagamit ng mga guro upang sukatin ang paglalapat ng mga pagkatuto pagkatapos ng isang pagtuturuan (Gajo, 2016).

## METODOLOHIYA

3.1. Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng *Research and Development (R&D) design* upang makalikha ng mga makabagong at epektibong solusyon para sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng disenyong ito, naisagawa ang masusing pagsusuri ng datos, at paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo upang bumuo ng mga materyales na nakatuon sa pagpapabuti ng kalidad ng pagbasa ng mga mag-aaral (Borg & Gall, 1983; Gay, 1992).

Ang *R&D design* ay nagbibigay ng oportunidad sa mga institusyong pang-edukasyon na makasabay sa patuloy na pagbabago sa pedagohiya at matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa mas epektibong paraan (Miller et al., 2019). Sa kasalukuyang pag-aaral, ang layunin ay bumuo ng isang balidong kasangkapan, na tinatawag na "*Interactive Module*," bilang isang makabagong paraan sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 8. Kasama rin sa pag-aaral ang pagsusuri sa antas ng bisa ng nabuong materyales batay sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral, pati na rin ang pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa interbensiyong ito at ang pagkakaiba sa kanilang pananaw tungkol sa gamit at epekto nito sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa.

3.2. Respondente ng Pananaliksik

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 101-112

Ang mga respondente ng pag-aaral na ito ay mga mag-aaral na kabilang sa pangkat Maguindanaon mula sa Mataas na Paaralan ng Esperanza. Sila ay kasalukuyang nasa antas ng Ikawalong baitang sa akademikong taon 2024–2025.

Ang pagpili ng mga mag-aaral mula sa antas na ito ay batay sa layunin ng pag-aaral na masuri ang kasalukuyang antas ng kanilang kasanayan sa pagbasa sa Filipino, lalo na sa aspektong literal, interpretatib, kritikal, integratibo at Malikhaing pag-unawa sa binabasa.

**Talahanayan 1. Talahanayan ng mga Respondente ng Pag-aaral**

| Kategorya | Pagkakakilanlan | Respondente |
|---|---|---|
| Pagbasa ng mga Babasahin | Mag-aaral na Maguindanaon sa Baitang 8 | 25 |
| Balidasyon sa Interaktibong Modyul | Eksperto sa pagbuo ng kagamitang pampagkatuto | 6 |
| Pagtanggap sa Interaktibong Modyul | | |
| Pagtanggap ng Interaktibong Modyul | Guro | 6 |
| | Mag-aaral na Maguindanaon | 15 |
| **Kabuoan** | | **52** |

3.3. Instrumento ng Pananaliksik

Ang pangunahing instrumento ng pag-aaral ay isang pagsusulit na gagamitin upang masukat ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Ang pagsusulit ay binubuo ng mga tanong na sumusukat sa aspekto ng literal, interpretatib, kritikal, integratibo at Malikhaing pag-unawa sa binabasa. Nasa anyo ito ng maraming pagpipili upang masukat ang mga kasanayan ng mag-aaral sa pagbabasa ng mga tekstong may kinalaman sa kanilang kultural na konteksto. Sa pagbuo nito, ginamit ang talaan ng Ispesipikasyon.

Ang balidasyon ng instrumento ay isinagawa sa pamamagitan ng *content validity,* kung saan anim (6) na eksperto sa larangan ng edukasyon, lalo na sa pagtuturo ng Filipino at pagbasa, ang nagsuri at nagbigay ng kanilang opinyon hinggil sa nilalaman ng mga pagsusulit at angkop na pamantayan ng mga tanong. Ang mga eksperto ay nagbigay ng kanilang komento at suhestiyon upang masiguro na ang mga instrumento ay sumasalamin sa layunin ng pag-aaral at nasasakupan ang lahat ng aspekto ng kasanayan sa pagbasa na nais sukatin. Ang resulta mula sa balidasyon ng mga eksperto ay nagpatunay na ang mga instrumento ng pagsusulit ay lubos na balido at akma sa layunin ng pag-aaral.

3.4. **Istatistikal Tritment**

Ang mga datos mula sa pagsusulit ay sinuri gamit ang *frequency* at *percentage* upang matukoy ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa baitang 8. Upang sukatin ang antas ng balidasyon ng Interaktibong Modyul, ginamit din ang *mean* at *standard deviation* upang matukoy ang pangkalahatang antas ng balidasyon batay sa mga iskor na ibinigay ng mga eksperto.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 101-112

Sa pagsusuri ng antas ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa nabuong Interaktibong Modyul, ginamit ang kombinasyon ng *descriptive* at *inferential statistical treatments*. Ang *mean* at *standard deviation* ay ginamit upang tukuyin ang pangkalahatang antas ng pagtanggap batay sa sagot ng mga guro at mag-aaral sa talatanungan, na nakatuon sa layunin, nilalaman, pormat, presentasyon at pagsasanay ng aspekto ng Interaktibong Modyul.

Upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa nabuong Interaktibong Modyul, ginamit ang *inferential statistical treatment,* partikular ang *Independent Samples T-test*. Ang *T-test* ay isinagawa upang ihambing ang *mean scores* ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral at matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa kanilang mga pananaw.

## RESULTA AT INTERPRETASYON

Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng maayos na pagkakasunod-sunod at organisasyon ng mga datos na nakalap mula sa mga sagot ng mga responsente sa itinakdang mga tanong sa isinagawang paangangalap ng datos.

**Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral**

| Kasanayan sa Pagbasa | Rating | Paglalarawan |
|---|---|---|
| Literal | 43.75 | Hindi Pumasa |
| Interpretatibo | 36.94 | Hindi Pumasa |
| Kritikal | 31.76 | Hindi Pumasa |
| Integratibo | 34.35 | Hindi Pumasa |
| Malikhain na Pagbasa | 33.88 | Hindi Pumasa |
| **KABUOAN** | **36.13** | **Hindi Pumasa** |

Batay sa talahanayan 6, makikita na ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na Maguindanaon sa Baitang 8 ay mababa sa limang aspekto. Ang literal na pagbasa ay may reyting na 43.75, ang interpretatibo ay may reyting na 36.94, at kritikal ay 31.76, integratibo ay may reyting na 34.35 at Malikhaing Pagbasa na may reyting na 33.88. Sa pangkalahatan, ang reyting na 36.13 ay nagpapakita ng kabuuang antas ng kanilang kasanayan sa pagbasa. Ipinapakita rito, na ang mga resulta ay kinakailangan ang agarang interbesyon upang mapataas ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral. Ang mababang kakayahan sa pagbasa ay maaring dulot ng kakulangan sa angkop na kagamitang panturo, limitadong pagkakalantad sa mga akademikong babasahin.

**Antas ng baliditi ng nabuong interaktibong Modyul**

| Pamantayan | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Layunin | 4.7 | 0.28 | Napakabalido |
| Nilalaman | 4.47 | 0.45 | Napakabalido |

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Special Issue | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 101-112

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pormat | 4.45 | 0.49 | Napakabalido |
| Presentasyon | 4.53 | 0.45 | Napakabalido |
| Pagsasanay | 4.50 | 0.38 | Napakabalido |
| **KABUOAN** | **4.55** | **0.41** | **Napakabalido** |

Makikita sa Talahanayan 7 na ang antas ng baliditi ng nabuong Interaktibong Modyul ay nasa mataas na lebel sa lahat ng pamantayan. Ang layunin ay may *mean* na 4.7 (SD=0.28), habang ang nilalaman ay may *mean* na 4.47 (SD=0.45). Ang pormat ng modyul ay may *mean* na 4.54 (SD=0.49), presentasyon na 4.53 (SD 0.45) at agsasanay na may *mean* 4.50(SD=0.38). Sa pangkalahatan, ang *mean* na 4.51(SD=0.41) ay nagpapakita ng pangkalahatang balidit ng Interaktibong Modyul.

**Antas ng pagtanggap ng Guro ng nabuong Interaktibong Modyul**

| Pamantayan | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Layunin | 4.76 | 0.28 | Lubos na katanggap-t anggap |
| Nilalaman | 4.45 | 0.45 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Pormat | 4.45 | 0.49 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Presentasyon | 4.53 | 0.45 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Pagsasanay | 4.50 | 0.38 | Lubos na katanggap-tanggap |
| **Kabuoan** | 4.56 | 0.41 | Lubos na katanggap-tanggap |

Makikita sa Talahanayan 9 na ang antas ng pagtanggap ng mga guro sa nabuong Interaktibong Modyul ay nasa mataas na lebel sa lahat ng pamantayan. Ang layunin ay may *mean* na 4.76 (SD=0.28), habang ang nilalaman ay may *mean* na 4.45 (SD=0.45). Ang pormat ay may *mean* na 4.45 (SD=0.49), samantalang ang presentasyon ay may *mean* na 4.53 (SD=0.45). Ang pagsasanay ay may *mean* na 4.50 (SD=0.38). Sa pangkalahatan, ang *mean* na 4.56 (SD=0.41) ay nagpapakita ng pangkalahatang antas ng pagtanggap ng mga guro sa Interaktibong Modyul.

**Antas ng Pagtanggap ng mga Mag-aaral ng Interaktibong Modyul**

| **Pamantayan** | **Mean** | **sd** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|
| Layunin | 4.77 | 0.41 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Nilalaman | 4.80 | 0.4 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Pormat | 4.85 | 0.29 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Presentasyon | 4.71 | 0.43 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Pagsasanay | 4.87 | 0.33 | Lubos na katanggap-tanggap |
| **Kabuoan** | **4.80** | **0.37** | **Lubos na katanggap-tanggap** |

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 101-112

Makikita sa Talahanayan 10 na ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa nabuong Interaktibong Modyul ay nasa mataas na lebel sa lahat ng pamantayan. Ang layunin ay may *mean* na 4.77 (SD=0.41), habang ang nilalaman ay may *mean* na 4.80 (SD=0.40). Ang pormat ay may *mean* na 4.85 (SD=0.29), samantalang ang presentasyon ay may *mean* na 4.71 (SD=0.43). Ang agsasanay ay may *mean* na 4.87(SD=0.33). Sa pangkalahatan, ang *mean* na 4.80 (SD=0.37) ay nagpapakita ng kabuuang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa Interaktibong Modyul.

**Makabuluhang Pagkakaiba ng Antas ng Pagtanggap ng Guro at Mag-aaral ng Nabuong Interaktibong Modyul**

| | Guro | | Mag-aaral | | t | p-values |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Mean | SD | Mean | SD | | |
| Layunin | 4.76 | 0.5 | 4.77 | .00 | -0.06 | 0.95 |
| Nilalaman | 4.47 | 0.4 | 4.79 | .02 | 3.16 | .03 |
| Pormat | 4.45 | 0.7 | 4.84 | .1 | .927 | .000 |
| Presentasyon | 4.53 | 0.4 | 4.72 | 0.5 | -1.59 | .18 |
| Pagsasanay | 4.5 | 0.8 | 4.87 | .02 | 3.25 | .03 |

*At 0.05 Level of Significance*

Makikita sa Talahanayan 11 na may pagkakaiba sa antas ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa Interaktibong Modyul batay sa iba't ibang pamantayan. Sa layunin, ang *mean* ng mga guro ay 4.76 (SD=.05), samantalang ang *mean* ng mga mag-aaral ay 4.77 (SD=.00), na may *t-value* na -0.06 at *p-value* na 0.95. Sa nilalaman, ang *mean* ng mga guro ay 4.47 na (SD=.04), habang ang *mean* ng mga mag-aaral ay 4.79 (SD=.02), na may *t-value* na 3.16 at *p-value* na .03. Sa pormat, ang *mean* ng mga guro ay 4.45 (SD=.07), samantalang ang *mean* ng mga mag-aaral ay 4.84 (SD=.01), na may *t-value* na .927 at *p-value* na .000. Sa presentasyon, ang *mean* ng mga guro ay 4.53 (SD.04), habang ang *mean* ng mga mag-aaral ay 4.72 (SD=.05), na may *t-value* na -1.59 at *p-value* na .18. Sa pagsasanay, ang *mean* ng mga guro ay 4.5 (SD=.08), samantalang ang *mean* ng mga mag-aaral ay 4.87 (SD=.02), na *may t-value* na 3.25 at *p-value* na .03.

## KONKLUSYON

Batay sa mga natuklasang resulta ng pag-aaral, napag-alaman na ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 8 ng Esperanza National High School, Esperanza, Sultan Kudarat ay walang sapat na kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa, lalo na sa kritikal at Malikhaing Pagbasa. Ipinapakita nito na kinakailangang pagtuunan ng pansin ang pagpapaunlad ng mga kasanayan sa pagbasa sa pamamagitan ng mas angkop at epektibong pamamaraan ng pagtuturo upang mapalakas ang kanilang kakayahang umunawa at magsuri ng mga tekstong binabasa.Napatunayan na ang Interaktibong Modyul ay umaangkop sa kagamitang panturo. Ang organisadong estruktura, malinaw na nilalaman, at angkop na disenyo ng materyal ay nagpapakita

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 101-112

na ito ay maaaring gamitin bilang isang interbensyon upang mapahusay ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Pinahahalagahan ang antas ng pagtanggap ng mga guro sa Interaktibong Modyul bilang isang kagamitang panturo. Ang kanilang pagpapahalaga ay nagpapahiwatig na ang modyul ay akma sa kanilang pangangailangan sa pagtuturo, madaling ipatupad sa klase, at epektibong makatutulong sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa ng kanilang mga mag-aaral.Nagpakita rin ng matibay na interes ang mga mag-aaral sa Interaktibong Modyul bilang isang kagamitang makatutulong sa kanilang pagkatuto. Ipinapakita ng kanilang pananaw na ang materyal ay madaling maunawaan, kapaki-pakinabang, at epektibo sa pagpapalakas ng kanilang kasanayan sa pagbasa.

**SANGGUNIAN**

Brown, A., &Clarke, D. (2019). Grammar Knowledge and Reading Comprehension.readingpsychology,40(1), https://doi.org/10.1080/027

Bruner, J. (2019). Constructivist theory of learning: An active approach to knowledge construction. *Journal of Educational Psychology, 45*(3), 101-115.

Cielo, M. Lopez, J. Torres, A. Tenio, and A. (2019). Effectiveness of Traditional Methodof Teaching in Academic Performance of General Academic Strand of Students at Bestlink College of the Philippines, Ascendends Asia Singapore Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research, 1(1).

Duke, N., Pearson, D. P., Strachan, S., & Billman, A. (2021). Essential Elements of Fostering and Teaching Reading Comprehension.Journal of EducationalPsychology,113(2),357–3Https://Doi.Org/10.1037/Edu0000553

Garcia, M. A. (2019). Validating Instructional Materials for Linguistic and Cultural Relevance: Journal of Instructional Pedagogies, 22, 1–10.

Hattie, J. (2019). *Visible learning: A synthesis of over 800 meta-analyses relating to achievement*. Routledge.

J. Cabigao, (2021). Class Observation Post-Conference Framework for Teachers, International Journal of Academic Multidisciplinary Research, 5(2), 2021, 256-258

Johnson, T. (2020). Teaching Reading Comprehension Skills in Multicultural Classrooms: journal of multicultural education,14(2),103–114. https://doi.org/10.1108/jme-01-2020-0003

Khasawneh, M. A., & Al-Rub, A. M. (2020). The Impact of Teaching Materials on Reading Comprehension: International Journal of Instructional Media, 47(4), 381–396.

P. Villafuerte (2020). Wikang Katutubo: Tanghal ng Yaman at Kalinangang Katutubo, dokumen. Tips.

P.M. Peralta (2016). Epekto ng Makabagong Kagamitang Panturo, Academia.edu,2016

Reed, D. K. (2018). Text Structure Knowledge and Its Effect on Reading Comprehension: Journal of Literacy Research, 50(2), 196–217. https://doi.org/10.1177/1086296X18761343

Saavedra, (2018). Technology Engagement and Writing Skill: An Analysis Among Elementary-Grade Filipino Learners, Webology, 15(1)

Shapiro, E. S. (2020). The Role of Goals in Academic Achievement: A Study on Reading Comprehension: Educational Researcher, 49(3),175–183. https://doi.org/10.3102/0013189X20911056

Smith, J. (2018). Reading Comprehension and Inferencing in Primary School Children: Journal of Cognitive Education, 13(2), 145–159.

Topping, K. J., & Trickey, S. (2020). Peer-assisted learning and its effect on reading comprehension skills. *Educational Psychology, 40*(2), 162-175.

Tompkins, G. E. (2021). *Effective teaching strategies for improving reading comprehension*. Pearson Education.